
San Pedro
Apostol

## PANALANGIN KAY SAN PEDRO APOSTOL

O Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo, sinasamba, pinupuri at niluluwalhati ka namin. Taos puso ang aming pasasalamat sa napakaraming biyaya na ibinigay mo sa amin. Higit sa lahat ang makilala ang iyong pagmamahal sa sangkatauhan sa pamamagitan ng maawain naming Panginoong Jesukristo. Sa pamamagitan ng iyong banal na apostol na si San Pedro, humihiling kami ng patuloy mong paggagabay sa Simbahan, sa aming Santo Papa, sa mga obispo, lahat ng kaparian, mga relihiyoso't relihiyosa at mga lingkod ng Simbahan. Sa tulong ng liwanag at karunungan ng Espiritu Santo, maibahagi namin nang may kababaang-loob at katapatan ang mga aral ng Ebanghelyo sa lahat ng sandali ng aming buhay at makapaglingkod kami sa mga dukha at lahat ng mga nangangailangan sa aming pamayanan ayon sa iyong banal na kalooban at sa tulong ng iyong biyaya.

O Panginoong Jesukristo, bugtong na anak ng Diyos na humirang kay San Pedro Apostol, sa kanya mo ibinigay ang mga susi ng kaharian ng langit, ipagkaloob mong makapamuhay kami ayon sa iyong banal na kalooban, mahalin at mapaglingkuran ka sa aming kapwa at katulad ni San Pedro, manatili nawa kaming mga matapat mong lingkod na nagtataguyod at nagbabahagi ng iyong awa, habag, pagmamahal at pagpapagaling sa lahat ng sandali. Ikaw na nabubuhay at naghaharing kasama ng Ama at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, magpasawalanghanggan. Amen.

Tahimik na ipanalangin ang ating mga natatanging kahilingan sa Diyos sa tulong ni San Pedro Apostol.
San Pedro, ipanalangin mo kami.

*Parroquia de San Pedro Apostol*
*Vinzons, Camarines Norte*